# PANGALAWANG TAHANANG PUNO NG PAGMAMAHALAN

*by:*
**Shiela M. Rivera**
*Master Teacher I, Magsaysay Elementary School*

Sa bawat sulok ng paaralan kung saan maririnig mo ang turuan, pagbabasa ng mga bata, sumbungan, sermonan, iyakan at madalas din na may tawanan ay dito mararamdaman ang isang samahan at pagmamahalan sa pagitan ng mga guro at mag-aaral. Ang paaralan ay isang lugar kung saan matatagpuan ang iba't isang klase ng kabaitan, pagtutulungan at paghubog ng isang mag-aaral hindi lamang sa aspektong intelektuwal nito kundi pati na rin sa pag-uugali at buong pagkatao nito.

Ayon sa iba't ibang pananaliksik at kay Dr. Maya Angelou, isang sikat na manunulat, sinasabi dito na ang mga tao ay may kakayahang malimutan ang narinig niya, nalamang impormasyon at nagawang mabuti o masama sa kanya ng iba tao subalit hinding-hindi nito makalilimutan ang paraan kung paano ipinadama sa kanila ang isang bagay o pangyayari. Ito ay nagbibigay patunay sa relasyon ng guro sa kanyang mga mag-aaral. Ang samahan na nahulma ng panahon, kabaitan, pagpupursige at tiwala ng guro sa kanyang mga estudyante.

depedbataan.com
The Official Website of DepED Division of Bataan

Ang mga guro ang kadalasang sandigan ng mga mag-aaral na may problema mula sa kani-kanilang tahanan. May kakayahan sila na maramdaman kung nalulungkot o may problema ang kanilang mga mag-aaral na para bang mga anak na nila ito. Sa ganung paraan ay mabibigyan kaagad nila ito ng suhesyon, payo at gabay na makatutulong upang maramdaman ng mga mag-aaral na sila ay may halaga pa rin sa pamilya o komunidad na kanilang kinabibilangan. Ang pakikinig pa lamang ay isang napakahalagang sangkap sa isang matibay na relasyon dahil hindi lahat ng tao ay marunong makinig.

Masasabing mayroong pagmamahalan sa isang silid-aralan kung makikitaan ng kabuuang pag-unlad ang isang bata. Hindi batayan ang pagkakaroon ng matataas na marka upang makamit nito ang tagumpay sa buhay. Ang pagtuturo sa kanila ng tamang pag-uugali, pagtulong sa oras ng kalungkutan o problema, pagbibigay ng mga aral na nakatutulong sa kanilang pang-araw-araw na pamumuhay ay ilan lamang sa maliliit ngunit mabibigat na paraan na nagpapakita ng pagmamahal at pangangalaga sa mga kanila. Sinasabing ang isang guro ay tunay na mahusay kung sa paglipas ng panahon ay binabalik-balikan pa rin sya ng kaniyang mga naging estudyante at naisabuhay na nito ang mga aral na naibigay sa kanila noong panahong nag-aaral pa lang sila.

Sa loob ng pitong araw ay limang beses pumapasok at nagkikita-kita ang mga guro at mag-aaral nito. Kaya naman hindi nakapagtataka na kung madalas ay mas sinusunod pa sila ng kanilang mga estudyante kaysa sa kanilang mga magulang. Ang malasakit at pagmamahalan ang siyang nagbubuklod sa bawat isa upang mapagtagumpayan ang bawat araw na kanilang hinaharap. Ang tatak ng pag-ibig ng isang guro sa kanyang mga mag-aaral ay hindi lamang nakakulong sa apat na sulok ng silid-aralan. Ito ay mararamdaman kahit saan at kahit kailan dahil nag-iiwan ito ng marka sa puso at isipan na matatandaan nila habang sila ay nabubuhay. Mauunawaan ng bawat isa na ang paaralan ay hindi lamang institusyon na nagtuturo ng bagong kaalaman kundi ito ay pangalawang tahanan na may pagmamahalan at malasakit sa isa't isa.

depedbataan.com
The Official Website of DepED Division of Bataan

*References:*

https://www.pna.gov.ph/articles/1221651#:~:text=MANILA%20%E2%80%93%20The%20Department%20of%20Health,number%20of%20infections%20at%2058.